

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 26, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga State Grant ay Nagpapalawak ng Tulong Para sa Mga Walang Trabaho na Mga Residente ng Long Beach

Long Beach, CA—Ngayon, inihayag ng Lungsod ng tatlong mga grant ng estado na nagkakahalaga ng halos \$2 milyon na makakatulong sa Pacific Gateway—isang itinalagang pederal na workforce development na lugar na pinangangasiwaan ng Lungsod ng Long Beach—na magpalawak ng tulong sa mga residente na ang trabaho ay naapektuhan ng COVID-19.

“Ang mga pintuan sa aming sentro ng trabaho ay nanatiling bukas sa buong pandemya,” sabi ng Economic Development Developer na si John Keisler. “Ito ay isang makasaysayang oras at kailangan namin ng isang makasaysayang tugon. Ang mga bagong grant na ito ay magbibigay ng mahahalagang rekurso para sa mga manggagawa at pamilya na higit na naapektuhan ng COVID-19.”

Ang rate ng kawalan ng trabaho tulad ng inilathala ng Estado ng California, 20.9%, ay ang pinakamataas na naitala sa Lungsod, ngunit ang ilang mga kadahilanan ay nagpapahiwatig na ang mga aktwal na rate ng kawalan ng trabaho ay maaaring mas mataas.

“Ang kasalukuyang rate ng kawalan ng trabaho ay isang bahagi lamang ng istorya, pagdating sa kawalan ng trabaho,” sabi ng Executive Direktor ng Pacific Gateway na si Nick Schultz. “Sa pagitan ng Abril 12 at Hunyo 13, ang bilang ng civilian labor force ng Long Beach ay bumaba ng 13,300; ang 13,300 na mga residenteng ito ay nangongolekta ng unemployment, ngunit hindi kabilang sa bilang dahil hindi sila aktibong naghahanap ng trabaho pero naghihintay ng pag-recall mula sa furlough. Ang

pagdagdag ng bilang ng grupo ng mga indibidwal na ito ay magpapalaki ng rate ng kawalan ng trabaho ng hindi bababa sa 27%.”

Ang mga grant, na may kabuuang \$1.92 milyon, ay makakatulong na magpalawak ng mga hinahandog ng The WorkPlace, isang sentro ng karera na pinamamahalaan ng Pacific Gateway. Kasama sa mga serbisyo ang paypapayo sa karera, mga pagkakataon sa pagsasanay, mga kurso sa online at tulong sa paghahanap ng trabaho. Kasama rin sa mga programang ito ang mga serbisyong sumusuporta sa tulong sa mga pangunahing pangangailangan.

Halos kalahati ng pondo, halos \$1 milyon, ay partikular na itinabi upang matulungan ang mga naapektuhan na manggagawa sa industriya ng aerospace, isang mahalagang sektor sa ekonomiya ng lungsod. Ang mga pondo ay makakatulong sa mga manggagawa na nawalan ng trabaho na makahanap sa mga bagong trabaho sa aerospace o ibang industriya kung saan ang kanilang mga kasanayan ay mailipat.

Papalawaking ng Pacific Gateway ang paggamit ng mga rekurso sa mga pamilya sa buong lungsod sa pamamagitan ng pakikipatrabaho sa network ng mga non-profit na grupo, kabilang ang Goodwill, Long Beach Center for Economic Inclusion, Centro CHA, Long Beach Job Corps, Long Beach Community Action Partnership at Long Beach Immigrant Rights Coalition, ang kasama sa iba.

Mga residente na interesado na makatanggap ng suportang serbisyo mula sa The WorkPlace ay maaaring tumawag sa 562.570.3700 o gamitin ang impormasyon online sa: Pacific-Gateway.org. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga operasyon ng negosyo habang may COVID-19, ang mga manggagawa at may-ari ng negosyo ng Long Beach ay maaaring tumawag sa 562.570.4BIZ (4249) o bumisita sa: longbeach.gov/4BIZ.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###